

PANDAGDAG AT ALTERNATIBONG KOMUNIKASYON

Pandagdag at Alternatibong Komunikasyon (Augmentative at Alternative Communication o AAC) ay ang lahat ng iba't ibang paraan ng pakikipag-usap ng isang tao bukod sa pagsasalita. Maraming uri ng AAC ang umiiral at nakabatay sa mga pangangailangan ng isang indibidwal.

SINO ANG MAAARING GUMAMIT NG AAC?

Ang mga tao sa lahat ng edad ay maaaring gumamit ng AAC. Ito ay maaaring gamitin paminsan-minsan o sa lahat ng oras kapag ang isang tao ay hindi maaaring umasa sa pasalitang komunikasyon.

KUMUHA NG MGA SERBISYONG AAC NA KAILANGAN MO

Kumonsulta sa isang lisensyado at naaangkop na sinanay na pathologist sa pagsasalita at wika (speech and language pathologist o SLP) at kumuha ng pagtatasa upang matukoy kung ang AAC ay isang magandang opsyon.

Isipin ang mga pangangailangan sa komunikasyon ng tao at ang kanilang mga pangmatagalang layunin. May maaaring iba pang mga salik na dapat isaalang-alang bago gamitin ang AAC.

Makakatulong ang isang SLP sa proseso ng paggawa ng desisyon. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa [Mga FAQ sa Serbisyo sa Komunikasyon](#)



Bisitahin ang aming website sa dds.ca.gov



Ang AAC ay hindi humahadlang sa pagbuo ng pagsasalita. Ipinapakita ng pananaliksik na nakakatulong ito sa pag-unlad ng pagsasalita at wika. Ang mga tao ay hindi nangangailangan ng mga kinakailangang kasanayan upang magamit ang AAC. Maaaring gumamit ng maraming anyo ng AAC.

UNAIDED AAC



Ang Unaided/no-tech AAC ay hindi nangangailangan ng karagdagang kagamitan o panlabas na aparato sa indibidwal.

Kabilang sa mga halimbawa ng unaided AAC ang mga galaw, manwal na senyales, at mga ekspresyon ng mukha.

AIDED AAC



Ang aided AAC ay anumang aparato, elektroniko man o hindi-elektroniko, na ginagamit upang magpadala o tumanggap ng impormasyon.

- **Aided Low-Tech** ay ang mga board ng komunikasyon, aklat, larawan, pagguhit at pagsulat.
- **Aided High-Tech** ay ang mga isang mensahe na aparato, o nakaka-rekord na aparato.